

# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 1,380,000, at kinukuha ang buhay ng higit sa 22,700 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang mga taga-Illinois na nagkakasakit ay dapat may access sa kinakailangang pangangalaga mula sa mga propesyonal sa medikal, kabilang ang mga kama sa ospital, mga kama sa emergency room, o mga bentilador kung kinakailangan; at,

**SAPAGKAT**, kritikal din na ang pangangalaga sa kalusugan ng Estado at kawani na unang tumutugon ay may sapat na personal na kagamitan para sa proteksyon (PPE, para sa akronim nito sa Ingles) upang ligtas na gamutin ang mga pasyente, tumugon sa mga sakuna sa pampublikong kalusugan, at maiwasan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit; at,

**SAPAGKAT**, habang ang Illinois ay patuloy na umaangkop at tumutugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang matinding sakit sa respirasyon na kumakalat nang mabilis sa pamamagitan ng mga transmision sa respirasyon at nagpapatuloy na walang mabisang paggamot o bakuna, ang pasanin sa mga residente, tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, at mga gobyerno sa buong Estado ay wala pang nakakagawa; at,

**SAPAGKAT**, ipinahayag ng World Health Organization na ang COVID-19 bilang Emerhensiya sa Pampublikong Kalusugan na may Pandaigdig na Pananagutan noong Enero 30, 2020, at idineklara ng Kalihim ng Kalusugan at Serbisyo sa Tao ng Estados Unidos na ang COVID-19 ay nagtatanghal ng isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan noong Enero 27, 2020; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 11, 2020, inilarawan ng World Health Organization ang pagsiklab ng COVID-19 bilang isang pandemya, at ngayon ay iniulat ang higit sa 168 milyong napatunayan na mga kaso ng COVID-19 at 3.5 milyon na pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa buong mundo; at,

**SAPAGKAT**, sa kabila ng mga pagsisikap na pigilan ang COVID-19, ang birus ay patuloy na kumalat nang mabilis, na nagreresulta sa pangangailangan para sa mga pederal na pamahalaan at Estado na gumawa ng mga makabuluhang hakbang; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit ang isang makabuluhang proporsyon ng populasyon ay nananatiling hindi nabakunahan; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang pambansang emerhensiya alinsunod sa Seksyon 501(b) ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act, 42 U.S.C. 5121-5207 (ang "Stafford Act), na sumasakop sa lahat ng mga estado at teritoryo, kabilang ang Illinois; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 26, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang malaking sakuna sa Illinois alinsunod sa Seksyon 401 ng Stafford Act; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2020, dahil sa napakalawak na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang nanganganib na kakapusan ng mga kama sa ospital, mga kama ng kwartong pang-emerhensiya, at mga bentilador, at hindi sapat na kakayahan sa pagsusuri, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 29, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 26, 2020, dahil sa karagdagang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hulyo 24, 2020, dahil sa muling pagkabuhay ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 21, 2020, dahil sa muling pagkabuhay ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Setyembre 18, 2020, dahil sa muling pagkabuhay ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Oktubre 16, 2020, dahil sa muling pagkabuhay ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 13, 2020, dahil sa karagdagang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Disyembre 11, 2020, dahil sa patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan upang dagdagan ang kapasidad ng pagsusuri at panatilihin ang ating pag-unlad laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Enero 8, 2021, dahil sa patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Pebrero 5, 2021, dahil sa patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 5, 2021, dahil sa patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 2, 2021, dahil sa patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2021, dahil sa patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, habang ang mga pangyayari na nakapaligid sa COVID-19 ay mabilis na nagbabago at lumabas ang mga bagong ebidensya, madalas na mayroong mga pagbabago sa impormasyon at gabay sa kalusugan ng publiko; at,

**SAPAGKAT**, ang walang uliran na likas na katangian ng COVID-19, kabilang ang mga resulta nito sa kalusugan hindi lamang sa respiratory system pero gayon din sa puso, utak, mga bato, at ang immune response ng katawan, ay ginawang mahirap hulaan ang mga epekto at landas ng birus; at,

**SAPAGKAT**, pagdidistansya sa kapwa, takip ng mukha at bibig, at iba pang mga pag-iingat sa kalusugan sa publiko ay napatunayan na kritikal sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang Centers for Disease Control and Prevention (“CDC”) kamakailan-lamang na na-update ang gabay nito para sa mga taong buong nabakunahan,<sup>1</sup> na nagpapahiwatig na maaari nilang ipagpatuloy ang maraming mga aktibidad nang hindi nagsusuot ng mask o may pagitan na 6 na talampakan, maliban kung kinakailangan ng federal, state, lokal, tribal, o territorial na batas, alituntunin, at regulasyon, kabilang ang lokal na negosyo at gabay sa lugar ng trabaho; at,

**SAPAGKAT**, pinayuhan ngayon ng CDC na ang mga telang pantakip sa mukha o mga antipas ay pinoprotektahan ang parehong nagsusuot at ang mga nasa paligid nila mula sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, pinayuhan ng CDC na patuloy na gamitin ng mga paaralan ang mga diskarte sa pag-iwas sa COVID-19 na nakabalangkas sa Diskarte sa Pagpapatakbo ng CDC para sa Mga Paaralang K-12 para sa hindi bababa sa natitirang taon ng akademikong 2020-2021; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na pinapayuhan ng CDC na ang mga tagapag-alaga ng day care ay patuloy na gumagamit ng mga diskarte sa pag-iwas sa COVID-19, kasama na ang masking at pisikal na distansya, kahit na nabigyan ng bakuna ang mga day care provider at kanilang kawani; at

---

<sup>1</sup> Ang mga indibidwal ay isinasaalang-alang na buong nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis sa isang serye na 2 dosis, tulad ng mga bakunang Pfizer o Moderna, o 2 linggo pagkatapos ng isang bakunang solong dosis, tulad ng bakunang Janssen ng Johnson at Johnson. Ang mga indibidwal na hindi nakakatugon sa mga kinakailangang ito, anuman ang edad, ay hindi isinasaalang-alang ang buong bakuna.

**SAPAGKAT**, ang ilang mga tao na nahawaan ng birus ay mananatiling walang sintomas ngunit gayunpaman ay maaaring kumalat ito sa iba; at,

**SAPAGKAT**, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi pa ganap na nabakunahan at hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay kritikal upang mabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

**SAPAGKAT**, noong oras na inilabas ko ang unang Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, mayroong 11 na nakumpirma na mga kaso ng COVID-19 sa isang probinsiya ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, sa ngayon, mayroong higit sa 1,380,000 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa lahat ng 102 na probinsiya ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, ang unang pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa Illinois ay inihayag noong Marso 17, 2020; at,

**SAPAGKAT**, sa ngayon, higit sa 22,700 na mga residente ng Illinois ang namatay dahil sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, mula sa simula, iminumungkahi ng mga pag-aaral na ang bawat kumpirmadong kaso ay may maraming hindi kilalang kaso, ang iba sa kanila ay mga indibidwal na walang sintomas na maaaring magpasa ng birus sa ibang tao nang hindi nalalaman; at,

**SAPAGKAT**, tinatantya ng CDC na ang kabuuang mga kaso ng COVID-19 ay maaaring mas mataas kaysa sa kasalukuyang iniulat para sa ilang mga rehiyon; at,

**SAPAGKAT**, habang ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 sa Illinois ay bumaba kamakailan, patuloy pa ring na hinahawaan ng birus ang masyadong maraming mga indibidwal at inaangkin ang buhay ng napakaraming mga taga-Illinois bawat araw; at,

**SAPAGKAT**, ang pandemya ng COVID-19 ay hindi limitado sa mga may malaking populasyon na mga probinsiya, at hanggang ngayon, ang mga probinsiya sa lahat ng mga rehiyon ng Estado ay nagpapakita ng makabuluhang peligro ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang walang pag-iingat ang COVID-19 ay maaaring kumalat nang malawakan, kahit na sa hindi gaanong mapopulasyon na mga lugar; halimbawa, sa Jasper County, isang solong nahawaang unang tumutugon ay bumisita sa isang tahanan ng mga nars at pinagsimulan ang serye ng mga impeksyon na nagresulta sa isa sa pinakamataas na antas ng impeksyon sa Estado; at katulad nito, sa Randolph County, isang solong nahawaang tao ang dumalo sa isang kaganapan noong kalagitnaan ng Marso na naging sanhi ng pagdurusang lalawigan na iyon sa isa sa pinakamataas na antas ng impeksyon ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ng Estado ay nakabuo at patuloy na binabago ang isang plano ng pagpapagaan upang magpalabas ng mga karagdagang pag-iingat kapag ang mga rehiyon ay makamit ang mga tiyak na antas ng peligro; at,

**SAPAGKAT**, ang Estados Unidos ay lumampas sa 33 milyong kabuuang kaso at halos 590,000 na pagkamatay; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay inangkin ang mga buhay ng at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa hindi kapani-paniwalang mataas na bilang – na sumasalamin sa mga makabuluhang pagkakaiba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay binuhay ang kanyang Illinois Emergency Operations Plan at ang kanyang Emergency Support Function 8 Plan upang ayusin ang mga pagsusumikap sa emerhensiyang pagtugon ng mga ospital, mga lokal na kagawaran ng kalusugan, at mga sistema ng pamamahala ng emerhensiya upang maiwasan ang isang paglobo

sa paggamit ng mga mapagkukunan at kakayahan ng ospital; at,

**SAPAGKAT**, habang ang birus ay kumakalat sa buong Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na lumalaki at nangangailangan ng isang umuusbong na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay magagawang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naaayon sa gabay ng CDC na patuloy na binabago; at,

**SAPAGKAT**, upang matiyak na ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, ang mga unang tumutugon, mga ospital at iba pang mga pasilidad ay maaaring matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga residente ng Illinois, ang Estado ay dapat magkaroon ng mga kritikal na suplay, kabilang ang PPE, tulad ng mga antipas, mga sanggalang sa mukha, mga gown, at guwantes; at,

**SAPAGKAT**, and Estado ng Illinois ay pinapanatili ang pag-imbak na sinusuportahan ang umiiral ng suplay ng PPE at mga inimbak sa iba't-ibang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan; at,

**SAPAGKAT**, habang ipinagpapatuloy ng Estado ang pagsisikap na makakuha ng sapat na suplay ng PPE, kapag ang mga nasabing pagsisikap ay naantala o kapag nakaranas ang Illinois ng pagtaas ng mga kaso sa COVID-19, nahaharap ang Estado sa kakulangan ng mga respirator, mga antipas, mga proteksiyon sa mata, mga kalasag sa mukha, mga guwantes, mga gown, at iba pang mga pananggalang na kagamitan para sa mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga unang tumutugon na maaaring banta sa kanilang buhay; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na gumagamit ang Illinois ng isang makabuluhang porsyento ng mga kama sa ospital at mga kama ng ICU; at, kung dumami ang kaso ng COVID-19, maaaring harapin ng Estado ang kakulangan ng mga kritikal na mapagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, umabot sa 24.5 milyon na ispesimen ang nasuri ng Illinois para sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng higit sa 22,700 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, sa buong bansa, mahigit sa 75 milyong katao ang nagpahayag ng kawalan ng trabaho mula nang magsimula ang pandemya; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Seguridad sa Trabaho ay inihayag na ang antas ng kawalan ng trabaho sa Estado ay nagpapatuloy na tumataas; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Seguridad sa Trabaho ng Illinois ay tumutugon sa krisis sa ekonomiya sa maraming mga paraan, kabilang ang sa pamamagitan ng programang Tulong sa Kawalang ng Trabaho dahil sa Pandemya; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad ng Ekonomiya ay nagtatrabaho upang matugunan ang krisis sa ekonomiya, kabilang ang sa pamamagitan ng mga tulong na programa tulad ng Programa ng Tulong sa Pagtigil ng Negosyo para sa mga negosyo na nakaranas ng limitadong kakayahang tumakbo dahil sa mga pagsasara na may kaugnayan sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang itinuon ang kanilang limitadong mapagkukunan sa nagpapatuloy na pagtugon sa pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang pandemya ng COVID-19 ay naging dahilan upang ang Kagawaran ng Agrikultura ng Illinois (IDOA, para sa akronim nito sa Ingles) na tugunan ang epekto ng paglaganap sa supply chain ng pagkain ng Estado sa pamamagitan ng regulasyon at pangangasiwa ng mga pasilidad sa karne at manok at pasilidad sa pamamahala ng mga baka; at,

**SAPAGKAT**, ang pagkagambala ng pandemya ng COVID-19 sa merkado ng hayop ay naging daan upang ang IDOA ay ituon ang mga mapagkukunan nito sa pakikipagtulungan sa mga may-

ari ng hayop at mga pabrikante sa pagtugon sa ligtas at pangkalakal na alalahanin sa pagtatapon ng hayop sa pamamagitan ng pangangasiwa at regulasyon ng Dead Animal Disposal Act; at,

**SAPAGKAT**, kinokontrol at sinisiyasat ng IDOA ang maraming iba pang mga industriya na direktang naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga tagapagsapalaran ng pestisidyo, mga silungan ng hayop, mga tindahan ng alagang hayop, at mga istasyon ng gasolina, at ang nagpapatuloy na, maayos na regulasyon ng mga industriya na ito ay nangangailangan na ang IDOA ay gumawa ng karagdagang oras at mapagkukunan sa paglikha ng mga bagong pamamaraan para sa pagsasagawa ng mga malalayong pagsisiyasat at pagsasanay; at,

**SAPAGKAT**, ang nakakapinsalang epekto ng pandemya ng COVID-19 sa mga kinokontrol na industriya ng IDOA ay kinailangan na ang IDOA ay maglagay ng karagdagang oras at mga mapagkukunan sa pag-oorganisa at pamamahala ng napapanahong pagpapatupad ng Programa para sa Gawad sa Naantalang Negosyo; at,

**SAPAGKAT**, ang pagbagsak ng ekonomiya at kawalan ng katiyakan na dulot ng COVID-19 ay nagbabanta sa kakayahang kumita ng negosyo at ang kakayahang magkaroon ng bahay, pangangalagang medikal, pagkain, at iba pang mga kritikal na mapagkukunan na nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang access sa pabahay ay nakakatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sapagkat ang mga indibidwal na may pabahay ay maaaring mabawasan ang pisikal na pakikipag-ugnay sa mga nasa labas ng kanilang mga sambahayan; at,

**SAPAGKAT**, ang pansamantalang paghinto ng mga paglilitis sa pagpapalayas ay iniwasan ang maraming mga pakikipag-ugnayan na nauugnay sa pagpapaalis, kasama ang mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas, tauhan ng korte, mga kasero, mga tagalipat, at mga kaibigan at pamilya na sumasang-ayon na magbigay ng pansamantalang pabahay, pati na rin, para sa mga pinilit na mawalan ng tirahan, ang mga pakikipag-ugnayang nauugnay sa pagtira sa isang kanlungan; at,

**SAPAGKAT**, pinipigilan ang pagkalat sa pamamagitan ng pansamantalang pagpapahinto ng mga paglilitis sa pagpapatalsik kung gayon pinipigilan din ang pagkalat ng COVID-19 sa mas malawak na pamayanan; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay labis din na nakakagambala sa mga paaralan, at ito ay kabilang sa pinakamataas na prayoridad ng Estado upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng isang de-kalidad na edukasyon at ang mga paaralan ay makapagbibigay ng isang kapaligiran na ligtas para sa mga mag-aaral, guro, at ang komunidad; at,

**SAPAGKAT**, batay sa mga naunang katotohanan, at pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na rumaragasang pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama ng mga tao sa buong Estado, ang kasalukuyang mga pangyayari sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay bumubuo ng isang emerhensiya sa pandemya at emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, batay sa nabanggit, ang patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan para sa ospital, ang nagpapatuloy na posibilidad na kakulangan ng mga mapagkukunang ito na hinaharap ng Estado kung sakaling magkaroon ng pagdami ng mga impeksyon, at ang kritikal na pangangailangan upang madagdagan ang pagbili at pamamahagi ng PPE pati na rin ang nagpapatuloy sa pagpapalawak sa kapasidad ng pagsusuri sa COVID-19 ay bumubuo ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na maging handa upang matugunan ang anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at angkop na magawa ang mga karagdagang mapagkukunan ng Estado upang matiyak na ang ating sistema ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ay may kakayahang pagsilbihan ang mga may sakit at ang mga taga-Illinois ay manatiling ligtas at siguradong makakakuha ng pangangalagang medikal; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa Estado sa pagpapadali ng pagbawi ng ekonomiya para sa mga indibidwal at mga negosyo sa isang pagsisikap upang maiwasan ang

karagdagang mapangwasak na mga kahihinatnan mula sa katatagan ng ekonomiya na dulot ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa mga ahensya sa Illinois sa pag-uugnay sa mga mapagkukunan ng Estado at Pederal, kabilang ang mga materyales na kinakailangan sa pagsusuri sa COVID-19, personal na kagamitan sa proteksyon, at mga gamot, sa isang pagsisikap na suportahan ang mga tugon ng Estado pati na rin ang mga tugon ng mga lokal na pamahalaan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang mga kondisyong ito ay nagbibigay ng legal na katwiran sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa bagong pagpapalabas ng isang proklamasyon ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, ang Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8, ay nagsasabi na "ang Gobernador ay magkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan na ehekutibo, at mananagot para sa tapat na pagpapatupad ng mga batas," at nagsasabing, sa Preamble, na ang isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ay "nagbibigay para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao";

**NGAYON, SAMAKATUWID**, sa interes ng pagtulong sa mga mamamayan ng Illinois at ng mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak sa kalusugan at kaligtasan ng publiko, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay nagpahayag ng mga sumusunod:

**Seksyon 1.** Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, nakita ko na ang isang sakuna ay umiiral sa loob ng Estado ng Illinois at partikular na ipinahayag ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad. Pinahihintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng mga kapangyarihang pang-emerhensiya na ibinigay sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Seksyon 2.** Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Illinois at ang Ahensya ng Pamamahala sa Emerhensiya ng Illinois ay inatasan upang makipag-ugnay sa bawat isa tungkol sa pagpapalano at pagtugon sa kasalukuyang emerhensiya sa kalusugan ng publiko.

**Seksyon 3.** Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay karagdagang inatasan upang makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad, kabilang ang mga lokal na awtoridad sa kalusugan ng publiko, sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano na maprotektahan ang kalusugan ng publiko kaugnay sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 4.** Ang Ahensya ng Pamamahala sa Emerhensiya ng Illinois ay inatasan upang ipatupad ang Plano ng Operasyong Pang-emerhensiya ng Estado upang ayusin ang mga mapagkukunan ng Estado upang suportahan ang mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa sakuna at mga operasyon sa pagbawi.

**Seksyon 5.** Upang matulungan ang mga pagbili ng emerhensiyang kinakailangan para sa pagtugon at iba pang mga pang-emerhensiya na kapangyarihan na awtorisado ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay maiwasan, hadlangan o antalain ang mga kinakailangang aksyon sa pagkaya sa sakuna ay sinuspinde hanggang sa panahon na hindi sila hinihiling ng pederal na batas. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring gumawa ng naaangkop na aksyong ehekutibo upang suspindihin ang mga karagdagang batas, mga kautusan, mga patakaran, at mga regulasyon.

**Seksyon 6.** Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), ang proklamasyong ito ang nagpapagana sa awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, upang ilipat ang direksyon, tauhan o tungkulin ng mga kagawaran ng Estado at ahensya o yunit nito para sa layunin ng pagganap o pagpapadali ng mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

**Seksyon 7.** Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Illinois, Kagawaran ng Seguro ng Illinois at Kagawaran ng Pangangalaga ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Pamilya ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matiyak ang pinalawak na pag-access sa pagsubok para sa COVID-19 at ang mga mamimili ay hindi nahaharap sa hadlang sa pananalapi sa pag-access sa mga diagnostic na pagsubok at serbisyo sa paggamot para sa COVID-19.

**Seksyon 8.** Ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matugunan ang anumang epekto sa pag-aaral na nauugnay sa kasalukuyang emerhensiya sa kalusugan ng publiko at upang patuloy na maibsan ang anumang mga hadlang sa paggamit ng pag-aaral sa labas ng paaralan sa panahon ng epekto ng proklamasyong ito na umiiral sa Illinois School Code, 105 ILCS 5/1-1 et. seq.

**Seksyon 9.** Ang lahat ng mga ahensya ng Estado ay inatasan upang makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano upang makayanan at makabawi mula sa pang-ekonomiyang epekto ng kasalukuyang emerhensiya sa kalusugan ng publiko.

**Seksyon 10.** Alinsunod sa Seksyon 7(14) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(14), ang mga pagtaas sa presyo ng mga kalakal o serbisyo, kabilang ang mga medikal na gamit, kagamitan sa proteksiyon, mga gamot at iba pang mga kalakal na inilaan upang makatulong sa pag-iwas sa o paggamot at pagbawi sa COVID-19, ay ipinagbabawal sa Estado ng Illinois habang ang proklamasyon na ito ay may bisa.

**Seksyon 11.** Ang proklamasyong ito ay maaaring mapadali ang mga kahilingan para sa pederal na emerhensiya at/o tulong sa kalamidad kung ang isang kumpleto at komprehensibong pagtatasa ng pinsala ay nagpapahiwatig na ang epektibong pagbawi ay lampas sa mga kakayahan ng Estado at mga apektadong lokal na pamahalaan.

**Seksyon 12.** Para sa mga layunin ng Public Act 101-0640, Artikulo 15, seksyon 15-5, na sinusugan ang Open Meetings Act, bagong seksyon 5 ILCS 120/7(e)(4), nakita ko na ang mga alalahanin sa kalusugan ng publiko na isyu sa proklamasyong ito ay pinapatunayan na ang personal na pagdalo ng higit sa sampung tao sa regular na lokasyon ng pagpupulong ay hindi magagawa.

**Seksyon 13.** Ang proklamasyon na ito ay magiging epektibo kaagad at mananatiling epektibo sa loob ng 30 araw.

***Bilang Patunay sa Lahat ng Ito***, narito ako itinakda ang aking kamay at naging sanhi upang mailagay ang Great Seal ng Estado ng Illinois.

Ginawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng  
Springfield, ngayong ika-28 na araw ng  
Mayo, sa Taon ng Ating Panginoon,  
dalawang libo at dalawampu, at ng  
Estado ng Illinois dalawang daan at  
pangatlo.

KALIHIM NG ESTADO

GOBERNADOR